

WORD

¹Tularan ninyo ang Diyos dahil kayong lahat ay minamahal niyang mga anak. ²Mamuhay kayo nang may pag-ibig sa kapwa tulad ng pag-ibig sa atin ni Cristo. Inialay niya ang sarili niya para sa atin bilang mabangong handog sa Diyos. **MGA TAGA-EFESO 5:1,2**

Isinulat ni Pablo ang mga talatang ito sa mga taga-Efeso upang hikayatin ang mga mananampalataya na mamuhay nang may pagmamahal gaya ng hindi makasariling pag-ibig ni Cristo. Ang unang talata ay nagbigay ng paglalahat tungkol sa pagpapatawad sa isa't-isa, *gaya ng pagpapatawad ng Diyos . . . dahil kay Cristo* (Mga Taga-Efeso 4:32). Ang kaalaman na pinatawad at minahal tayo ni Cristo at *inialay niya ang sarili niya para sa atin* ay makatutulong upang pagtibayin ang ating pagka-unawa kung paano natin magagawang tularan at ipakita Siya sa lahat ng paraan, sa lahat ng aspeto ng ating buhay. Sa araling ito, ating titignan kung ano ang tunay na pag-ibig at kung paano natin ito maisasapamuhay.

1 Ang pag-ibig ay hindi panlabas lamang.

Pero ipinakita ng Diyos sa atin ang kanyang pag-ibig sa ganitong paraan: Kahit noong tayo'y makasalanan pa, namatay si Cristo para sa atin.

MGA TAGA-ROMA 5:8

Ang pag-ibig ay hindi ayon sa panlabas na anyo, edad, kulay, pagganap, o maging pagtugon sa mga inaasahan natin. Sinasabi sa Bibliya na noong tayo ay kaaway pa ng Diyos, mga makasalanan, nagrerebelde at sumusuway sa Kanya, minahal Niya tayo at namatay Siya para sa atin. At bagama't walang kasiguraduhan na mamahalin din natin Siya, minahal pa rin Niya tayo. Nakita ni Jesus ang ating mga dumi at kasalanan, subalit minahal Niya pa rin tayo sa kabila ng lahat. Ano ang pinakadakilang ginawa ni Jesus sa ngalan ng pag-ibig? (Juan 15:13)

2 Ang pag-ibig ay hindi ayon lamang sa nararamdaman.

22"Mapalad kayo kung dahil sa pagsunod ninyo sa akin na Anak ng Tao ay kamuhian kayo, itakwil, insultuhin, at siraan ang inyong pangalan. *23*Ganoon din ang ginawa ng kanilang mga ninuno sa mga propeta noon. Kaya kung gawin ito sa inyo, magalak kayo at lumukso sa tuwa, dahil malaki ang gantimpala ninyo sa langit." **LUCAS 6:22,23**

(Basahin din ang **1 CORINTO 13:4,5**.)

Ang pag-ibig ay higit pa sa nararamdaman. Ang salitang "pag-ibig" ay madalas gamitin ng walang pasubali, subalit inilarawan ng Bibliya na ito ay higit pa sa emosyon. Ang pag-ibig ay isang desisyon. Panawagan sa atin ng Bibliya na kumilos ng may pagmamahal maging sa mga tao na kinamumuhian tayo, itinatakwil tayo, o nilalait tayo, nandiyan man o wala ang emosyon. Sa katunayan, sinasabi sa Bibliya na dapat tayong magalak, at magsilukso sa tuwa kapag ito ay nangyari, dahil malaki ang ating gantimpala sa langit. Paano inilarawan ng 1 Corinto 13:4,5 ang pag-ibig?

.....

.....

3 Ang pag-ibig ay hindi panandalian.

... matiyaga, laging nagtitiwala, laging may pag-asa, at tinitii ang lahat.
1 CORINTO 13:7

(Basahin din ang **1 JUAN 3:16**.)

Ngayon, ang konsepto ng pangmatagalang pag-ibig ay naging malabo at hindi makabuluhan. Ang mga relasyon na panandalian lang ay makikita kahit saan, gaya ng mga pelikula, awitin, at kung saan-saan pa. Subalit ipinakita sa Bibliya na sa pagmamahal, tayo ay maaaring maniwala, umasa, at magtiis. Ang salitang "pagtitiis" ay mula din sa salitang-ugat ng "pagtitiyaga." Ang pagtitiis habang nagmamaktol ay hindi katulad ng pagtitiis nang may pagtitiyaga. Tulad ng pagtitiyaga sa atin ni Cristo, at pagtitiis ng lahat ng bagay para sa atin, dapat din nating ipakita ang pag-ibig na ito sa pamamagitan ng paggaya sa halimbawang ipinakita Niya. Ano ang naging kapalit ng pagpapakita ng Diyos ng Kanyang pag-ibig sa atin? Bilang Kanyang mga anak, paano natin dapat ipakita ang pagmamahal? (1 Juan 3:18)

.....

.....

APPLICATION

- Ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos tungkol sa kasalukuyan mong sitwasyon? Paano mo magagawang mas maging katulad ni Cristo at mamuhay nang may pag-ibig simula ngayong linggo?
- May kailangan ka bang patawarin? Gawin ngayon ang desisyon na tularan ang pag-ibig ni Cristo sa pamamagitan ng pagpapatawad sa taong ito, dahil alam mo na una kang minahal at pinatawad ng Diyos.
- Paano mo matiyagang mamahalin ang mahirap mahal in araw-araw? Sino ang kailangan mong mahal in gaya ng pagmamahal ng Diyos ngayong linggo? Paano mo magagawang ipakita ang pagmamahal ng Diyos?

PRAYER

- Purihin ang Diyos sa Kanyang pag-ibig at pagpapatawad na ibinigay Niya sa atin nang walang kapalit. Ipanalangin na lagi kang mamumuhay ng may pagmamahal at pagpapatawad sa iba.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan na maging matiyaga at patuloy na magmahal sa iba nang may pagsasakripisyo.
- Ipanalangin ang iyong pamilya at kaibigan na kailangang maibalik sa tamang relasyon sa kanilang mga mahal sa buhay.



VICTORY

© 2017 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph